Pinasimpleng Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal

Plain Language Summary of Financial Assistance Policy

Tungkol sa Paghiling ng Tulong sa Inyong Singil

Ito ay para sa sinumang taong tumatanggap ng serbisyong pang-ospital mula sa isang ospital na kaanib ng Texas Health Resources (THR). Ang Patakaran sa Tulong Pinansyal at ang Pinasimpleng Buod para makakuha ng tulong sa inyong singil ay matatagpuan ninyo sa Ingles at Espanyol at iba pang mga wika kapag hiniling. Ang tulong pinansyal ay hindi naaangkop sa mga singil mula sa mga doktor, panlabas na laboratoryo o iba pang mga provider.

Paano Ako Magiging Karapat-Dapat sa Tulong Pinansyal?

Maaari kayong humiling ng tulong sa inyong singil sa anumang oras sa panahon ng inyong pamamalagi sa ospital o sa proseso ng pagsingil. Pagpapasiyahan namin kung magkano ang dapat ninyong bayaran sa pamamagitan ng pagsusuri ng kita, mga asset o iba pang mga pinagkukunan. Kung ang inyong taunang kita ay mas mababa o katumbas ng 200% ng mga kasalukuyang Pederal na Alituntunin sa Kahirapan, maaari kayong makatanggap ng ilang tulong pinansyal. Ang Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan ay matatagpuan ninyo sa: http://aspe.hhs.gov/poverty/index.cfm.

Maaari kayong maging karapat-dapat sa tulong para sa lahat o isang bahagi ng inyong singil sa ospital. Ang tulong ay batay sa isang eskalang pababa na isinasaalang-alang ang inyong taunang kita at laki ng pamilya.

Paano Ako Maaaring Mag-apply para sa Tulong Pinansyal?

Upang makakuha ng isang libreng kopya ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, Pinasimpleng Buod, o patakaran sa Tulong Pinansyal, mangyaring pu..munta sa: www.texashealth.org/Financial-Assistance Maaari rin kayong makakuha ng mga libreng kopya sa papel, humiling ng mga libreng kopya sa pamamagitan ng koreo, o makatanggap ng tulong sa aplikasyon nang personal sa alinmang ospital ng THR hospital sa departamentong tumatanggap ng pasyente, o sa 500 E Border Street Suite 1200, Arlington Texas 76010. Maaari kayong humiling ng tulong sa Patakaran sa Tulong Pinansyal o sa aplikasyon sa pagtawag sa Departamento ng Serbisyo sa Customer sa 1.800.890.6034. Sa ilang mga kaso, maaari kayong makatanggap ng tulong pinansyal mula sa ospital nang hindi nag-a-apply.

Mga papeles

May pananagutan kayong ibigay sa tamang oras ang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyong pangkalusugan, kita, mga asset, at anumang ibang papeles na makakatulong sa aming makita kung karapat-dapat kayo. Ang mga papeles na ito ay maaaring mga pahayag ng bangko, mga income tax return, mga stub ng tseke, o iba pang impormasyon.

Pang-emergency at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga

Kung magiging karapat-dapat kayo sa tulong sa inyong singil, hindi kayo sisingilin ng higit pa para sa pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga, kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga taong may saklaw ng insurance para sa parehong uri ng pangangalaga. Upang matukoy ang mga halagang karaniwang sinisingil, gumagamit kami ng isang paraan na ginagamit ang datos ng nakaraang taon (inihahambing namin ang halagang binayaran ng mga pasyenteng may insurance at kanilang mga kompanya ng insurance sa nakaraang taon).

Mga Gawain ng Paniningil

Ang mga singil na hindi nabayaran sa loob ng 120 araw pagkatapos ng unang petsa ng pagsingil ay maaaring iulat sa kasaysayan ng kredito ninyo o ng inyong garantor. Kayo o ang garantor ay maaaring mag-apply para sa tulong sa inyong singil sa anumang oras sa panahon ng proseso ng paniningil sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Serbisyo sa Customer sa 1.800.890.6034. Sa pangkalahatan, hindi kami nagdedemanda ng mga pasyente, hindi kami gumagawa ng anumang bagay sa personal na pag-aari, at hindi kami kumakaltas sa sahod.